

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO

## OFFICE OF CIVIC ENGAGEMENT & IMMIGRANT AFFAIRS

Edwin M. Lee, Mayor
Naomi Kelly, City Administrator

Adrienne Pon, Executive Director

**FOR IMMEDIATE RELEASE (PARA SA AGAD NA PAGLALABAS)**

**Martes, Pebrero 21, 2017**
**Kontakin ang:** Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (Tanggapan para sa Paglahok ng mga Mamamayan at Usaping Pangmigrante)
Telepono: 415.581.2360 | Email: civic.engagement@sfgov.org

*****PRESS RELEASE (PARA SA MGA MAMAMAHAYAG)*****

**Ipinapakita ng Bagong Pag-aaral ang Lakas Pang-ekonomiya ng mga Migrante sa San Francisco**

*Nag-ambag ang mga residente ng San Francisco na ipinanganak sa ibang bansa at may pinagsamang spending power (kakayahang pinansiyal para sa paggasta) na $7.1 bilyon ng $2.5 bilyon sa lokal, pang-estado at pambansang ekonomiya.*

**San Francisco, CA**– Naglabas ang Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (Tanggapan para sa Paglahok ng mga Mamamayan at Usaping Pangmigrante) at ang San Francisco Immigrant Rights Commission (Komisyon ng San Francisco para sa mga Karapatan ng Migrante) ng bagong impormasyon tungkol sa mga pang-ekonomiyang kontribusyon ng mga migrante ng Lungsod at County ng San Francisco. Dito, inilahad nilang malaki ang naging kontribusyon ng mga migrante sa lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng matataas na porsiyento ng kontribusyon sa buwis, spending power o kakayahang pinansiyal sa paggasta, at paglahok bilang mga empleyado at manggagawa. Ang datos, na batay sa bagong ulat na sumasakop sa lahat ng Kongresiyonal na Distrito, ay inilabas sa buong bansa ng New American Economy (NAE) ngayong araw na ito.

Nagdadala ang mga migrante sa San Francisco ng mahigit sa $7.1 bilyon na kakayahang pinansiyal sa paggasta, at nagbabayad ng mahigit sa $2.5 bilyon na kabuuang buwis kada taon, kung saan $1.7 bilyon ang napupunta taon-taon sa pederal na gobyerno. Mayroong 12,576 migranteng negosyante sa San Francisco na nagkakaloob ng mahahalagang serbisyo at trabaho. Binubuo ng mga migrante ang mahigit sa one-third (ikatlong bahagi) ng kabuuang populasyon ng San Francisco at mahigit sa 70 porsiyento ng mga migrante ng Lungsod ang nasa mga edad ng pagtatrabaho (25-64).

Tumutulong ang migrasyon sa pagpapalakas ng lokal na ekonomiya. Karagdagang ebidensiya ang datos na ito na nakapag-ambag nang malaki ang mga migrante sa pangkultura at pang-ekonomiyang tagumpay ng Lungsod," sabi ng Chair (Pinuno) ng Immigrant Rights Commission (Komisyon para sa mga Karapatan ng Migrante) at Executive Director (Tagapamahalang Direktor) ng Irish Immigration Pastoral Center.

"Ang mga migrante ang pulso ng San Francisco at ng bansa," sabi ni Adrienne Pon, Executive Director ng Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs. "Kahit na humaharap sila sa napakaraming hadlang at mga polisiya ng hindi maluwag na pagtanggap, nagdadala sila ng pagiging maparaan, malikhain, pagkakaiba-iba, sipag sa trabaho, at kahandaan para magtanim ng ugat sa mga lokal na komunidad at magbahagi ng resources (yaman at kakayahan)."

Tinitingnan ng pag-aaral ng NAE ang impormasyon ukol sa Demograpiya ng mga Migrante, Mga Empleyado at Manggagawa, Lakas sa Pagboto, Pagmamay-ari ng Tahanan, mga Buwis at Kakayahang Pinansiyal sa Paggasta, at Pagnenegosyo batay sa datos sa ekonomiya at buwis noong 2014. Sa kabuuan ng bansa, patuloy na gumaganap ng mahahalagang papel ang mga migrante sa pag-aambag sa mga lokal na ekonomiya bilang mga botante, mamimili at nagbabayad ng buwis.

- **Pagboto:** Kuwalipikadong bumoto ang 19.1 milyong migrante noong 2014 -- isang pangkat na posibleng may partikular na mahalagang papel sa siklo ng mga eleksiyon sa hinaharap.

- **Pagmamay-ari ng Tahanan:** Kolektibong itinaas ng mahigit sa 40 milyong migrante ang housing wealth (yamang nakabatay sa pagmamay-ari ng tahanan) ng U.S. nang $3.7 trilyon noong 2014. Naging posible ang karamihan sa mga ito dahil lumilipat ang mga migrante sa pabagsak nang mga komunidad, at tumutulong sila upang muling buhayin ang mga lokal na komunidad at gawing mas kaakit-akit at ligtas para sa lahat ng residente.

- **Mga Buwis at Kakayahang Pinansiyal sa Paggasta:** Sa kabuuan ng bansa, kumita ang mga migrante ng $1.3 trilyon noong 2014, nag-ambag ng $105 bilyon sa mga pang-estado at panlokal na buwis, nagbayad ng halos $224 bilyon sa pederal na buwis, at nagkaroon ng halos $927 bilyon na kakayahang pinansiyal sa paggasta.

Sa San Francisco, mayroong 145,946 kuwalipikado na migranteng botante at 37,279 tahanan ang pag-aari ng mga migrante. Gumaganap din ang mga migranteng negosyante ng mahahalagang papel bilang taga-empleyo at taga-ambag sa lokal na tax base (minimum na halagang binubuwisan).

"Ang ekonomiya ng San Francisco ang resulta ng masisipag na negosyanteng migrante mula sa lahat ng panig ng mundo. Gumawa sila ng mahahalagang kontribusyon upang maging lungsod itong maihahambing sa mga dakilang lungsod sa buong mundo," sabi ni Dennis Conaghan, Pansamantalang Pangulo at CEO ng San Francisco Chamber of Commerce.

Gayon pa man, bagamat may malakas na ebidensiya ng kanilang kontribusyon sa malakas na ekonomiya at malakas na Amerika, patuloy na humaharap ang mga migrante sa mga negatibong reaksiyon at hindi matuwid na opinyon. Noong Pebrero 16, 2017 nag-organisa ang mga tagapagtaguyod ng komunidad ng "Araw na Walang mga Migrante," isang pambansang boycott upang magprotesta laban sa mga polisiya sa imigrasyon ng bagong administrasyon. Sa Calle 24 Latino Cultural District, ang La Palma Mexicatessen na itinatag noong 1953 at pag-aari nina Theresa Pasion, Ruben Ibarra at Ida Ibarra, ang isa lamang sa maraming restawran na sumali sa boycott. Paliwanag ni Pasion: "Sarado kami, hindi dahil sa pansariling interes para sa aming negosyo, pero para tumindig sa likod ng mas malaking mensahe na nagsasabi kung sino kami bilang mga migrante sa bansang ito." Saligan ng American Dream na pumunta sa U.S. at magkaroon ng pagkakataon upang bumuo ng mas magandang hinaharap para sa ating mga pamilya." Umaasa si Pasion na makikita sa anumang paraan ang pinansiyal na epekto ng boycott noong Huwebes.

"Mula sa iba't ibang larangan ng buhay ang mga migranteng manggagawa ng ating lungsod. Saan man sila nagsimula, masipag silang nagtatrabaho, nag-aambag sa ekonomiya, at siyang gulugod ng ating lokal na puwersa sa paggawa. Patuloy na susuportahan ng San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa) at ng ating sentro para sa imigrasyon, ang We Rise SF, ang lahat ng mga manggagawa," sabi ni Tim Paulson, Executive Director ng San Francisco Labor Council.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-aaral ng NAE, bisitahin ang www.sfgov.org/oceia.

**Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs –** ang Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (OCEIA) sa San Francisco ay opisinang para sa mga polisiya, pagpapatupad, direktang serbisyo at pagbibigay ng grants (tulong pinansiyal) na may bisyon ng ligtas, aktibo sa paglahok, at bukas sa lahat na San Francisco, kung saan puwedeng mag-ambag at magtagumpay ang lahat. Misyon ng OCEIA na bumuo ng mga polisiyang inklusibo o bukas sa lahat at mga programang nagsasama-sama ng mga pagtulong sa mga migrante upang humantong ang mga ito sa lubos na integrasyon na pangmamamayan, pang-ekonomiya at panwika. Kasama sa mga programa ang Paglahok ng mga Mamamayan, Citizenship (Pagkamamamayan), Kaligtasan ng Komunidad, Mga Arawang Manggagawa, DreamSF Fellows, mga pinagsama-samang serbisyo para sa mga migrante at mga grant at serbisyo para sa language access (mga pagsasalin, interpretasyon, kakayahan sa wika). Nagsisilbi rin bilang mga kawani ng San Francisco Immigrant Rights Commission ang OCEIA. Website: www.sfgov.org/oceia.

**Immigrant Rights Commission**- Ang San Francisco Immigrant Rights Commission o Komisyon ng San Francsico para sa mga Karapatan ng Migrante (OCEIA) ang tagapayong pangkat na binubuo ng mga mamamayan at itinatalaga sila ng Mayor at ng Board of Supervisors. Ang IRC ang nagpapayo sa mga opisyal at departamento ng Lungsod ukol sa mga usapin at polisiyang kaugnay ng mga migrante na nakatira o nagtatrabaho sa San Francisco. Itinayo ang IRC noong 1997, at binubuo ito ng labinlimang (15) miyembro na may karapatang bumoto, kung saan labing-isa (11) ang itinatalaga ng Board of Supervisors at apat (4) ang itinatalaga ng Mayor. Kailangang migrante sa Estados Unidos ang hindi bababa sa walong miyembro at naglilingkod ang bawat miyembro ng Komisyon para sa dalawang taon na termino. Website: www.sfgov.org/oceia/immigrant-rights-commission.

Pinagsasama-sama ng **New American Economy** (Bagong Ekonomiya ng Amerika, NAE) ang mahigit sa 500 Republikano, Demokrata at Independiyenteng mayor at lider sa negosyo na sumusuporta sa mga reporma sa imigrasyon para makatulong sa paglikha ng mga trabaho sa Amerika sa kasalukuyang panahon. Kasama sa mga miyembro ng NAE ang mga mayor ng mahigit sa 35 milyong tao sa kabuuan ng bansa at mga lider sa negosyo ng mga kompanyang kumikita ng mahigit $1.5 trilyon at nag-eempleyo ng mahigit sa 4 milyong tao sa lahat ng sektor ng

ekonomiya, mula sa Agrikultura hanggang sa Aerospace (mga eksplorasyon sa kalawakan), Hospitality (mga hotel, transportasyon,theme park, cruise ship, at iba pa) hanggang sa High Tech (teknolohiya, halimbawa, mga computer at robot) at Media (mga pahayagan, telebisyon at iba pa) hanggang sa Manufacturing (mga pabrikang gumagawa ng pagkain, damit, kasangkapan at iba pa). Naiintindihan ng mga miyembro ng NAE na napakahalaga ng imigrasyon para sa patuloy na pagkakaroon ng mga empleyado at manggagawa na produktibo, may mga pagkakaiba-iba at madaling nakaaangkop. Kailangan sila ng Amerika para matiyak ang kasaganaan para sa mga susunod na henerasyon. Alamin pa ang tungkol dito sa www.NewAmericanEconomy.org.

###